

1 NOBYEMBRE 2026

SOLEMNIDAD NG LAHAT NG MGA SANTO

Pahayag 7:2–4, 9–14; 1 Juan 3:1–3; Mateo 5:1–12A

PANIMULA

Minsan, hiniling ng isang guro sa kanyang mga mag-aaral na isulat ang mga pangalan ng mga taong nakatulong sa kanilang buhay tungo sa kabutihan. Pinunan ng isang mag-aaral ang buong pahina ng mga tanyag na pangalan. Ang isa naman ay iilan lamang ang isinulat: “ang aking lola,” “ang aking guro sa putbol,” “ang aming kapitbahay,” at “ang nars na nag-alaga sa aking ama bago siya pumanaw.” Nang tanungin kung bakit, sumagot ang mag-aaral: “Sila ang mga taong nagparamdam sa akin na malapit ang Diyos.”

Ngayon, sa Solemnidad ng Lahat ng mga Santo, ipinagdiriwang natin ang ganitong mga tao — hindi lamang ang mga kinikilalang santo ng Simbahan, kundi ang dimabilang na banal na kalalakihan at kababaihan na ang

buhay ay naging daan upang magingning ang liwanag ni Kristo. Ang ilan ay kilala ng mundo; marami ang nanatiling lingid at pangkaraniwan. Gayunman, silang lahat ay kabilang sa dakilang karamihang nakatayo sa harap ng trono ng Diyos.

Ipinaaalala sa atin ng kapistahang ito na ang kabanalan ay hindi nakalaan lamang sa mga ganap. Ang mga santo ay mga taong nagpumilit, nagdusa, nag-alinlangan, nabigo, ngunit patuloy na kumapit kay Kristo. Naging banal sila hindi dahil sila ay walang kapintasan, kundi dahil hinayaan nilang baguhin sila ng biyaya ng Diyos.

Sa ating pagharap sa Panginoon ngayon, kilalanin natin ang mga paraan kung paano natin nilabanan ang Kanyang liwanag, ang mga pagkakataong napagod tayo sa pananampalataya o nabigong ipakita sa kapwa ang Kanyang kabutihan. Humingi tayo ng awa at ng pusong binago ng Kanyang biyaya.

HOMILYA

May isang kuwento tungkol sa isang pagod na manlalakbay na tumatawid sa landas ng bundok sa dapithapon. Lumapot na ang hamog, halos naglaho na ang daan, at nagsimula siyang matakot na naligaw na siya. Pagkatapos, sa malayo at mataas na dalisdis ng burol, napansin niya ang mga nakakalat na ilaw mula sa mga tahanang malayo. Hindi pa niya natatanaw ang mismong nayon, ngunit may mahalagang sinabi sa kanya ang maliliit na ilaw na iyon: may mga tao nang ligtas na nakarating sa paroroonan. May iba nang naglakad sa daang ito bago siya. Kaya nagpatuloy siya, isang maingat na hakbang sa bawat pagkakataon, ginagabayan ng mga ilaw na hindi pa niya maabot, ngunit nagbigay sa kanya ng pag-asa.

Ganyan ang Kapistahan ng Lahat ng mga Santo. Ito ang kapistahan ng mga ilaw sa dalisdis ng burol. Ipinaaalala nito na ang paglalakbay ng pananampalataya ay hindi

isang ilusyon, na posible ang kabanalan, at na napakarami nang karaniwang kalalakihan at kababaihan ang nakarating na sa kung saan nais tayong dalhin ng Diyos.

Isinulat ang Aklat ng Pahayag sa isa sa pinakamadilim na sandali ng unang Simbahan. Noong mga taong 95 AD, ang mga Kristiyano sa Imperyong Romano ay panghinaan ng loob, pinag-uusig, at pagod na pagod. Naglaho na ang unang sigla ng kilusang Kristiyano. Apatnapung taon bago nito, nag-alab ang mga mananampalataya sa sigasig para kay Kristo. Inaasahan nilang malapit nang bumalik ang Panginoon. Namuhay sila nang may pusong nag-aapoy. Ngunit lumipas ang mga taon, lumipas ang mga dekada, at hindi nakitang bumalik si Kristo. Unti-unting sumingit ang pagod. Naging nakasanayan na lamang ang pagsamba. Bumigat ang pananampalataya. Marami ang tumalikod kay Kristo upang takasan ang pagdurusa at pag-uusig.

Patay na ang dakilang mga apostol na sina Pedro at Pablo. Si Juan na lamang, ang matandang apostol, ang natira, na ipinatapon ng emperador sa malungkot na pulo ng Patmos sa pagitan ng makabagong Turkey at Gresya.

Doon, sa kanyang panalangin, nagtanong si Juan: “Ito na ba ang wakas? Mananatili kaya ang Simbahan?” At may pambihirang nangyari. Isang Linggo, habang ipinagdarasal ang Simbahan, nakatanggap si Juan ng isang pangitain. Tila sinabi sa kanya ng isang anghel: “Juan, kalahati lamang ng katotohanan ang nakikita mo. Halika at tingnan ang kabilang kalahati.”

At biglang nakita ni Juan na bumukas ang langit. Nakita niya ang trono ng Diyos na napapalibutan ng di-mabilang na karamihan mula sa bawat bansa, lahi, angkan, at wika. May hawak silang mga sanga ng palma, ang sinaunang sagisag ng tagumpay. Sa kanilang noo ay ang tatak ng

buhay na Diyos — ang tanda ng Krus na unang iguhit sa kanila sa Binyag. Hindi sila mga bigo. Sila ay mga nagwagi. Sila ang mga dumaan sa matinding paghihirap, na nagpumilit, nagdusa, nabuwal, muling bumangon, at nanatiling tapat. Nilabhan nila ang kanilang mga damit sa dugo ng Kordero. Hindi sa pamamagitan ng sarili nilang kasakdalan sila naging banal, kundi dahil kumapit sila kay Kristo na namatay at muling nabuhay para sa kanila.

Makapangyarihang nagsasalita ang pangitaing iyon sa ating kapanahunan. Marami rin ngayon ang napapagod sa pananampalataya. May ilang nagtatanong kung may kinabukasan pa ang Simbahan. Ang iba naman ay nawawalan ng loob dahil sa mga eskandalo, pagkakahati-hati, pagdurusa, o ang mabagal na paglipas ng panahon. Gayunman, muling sinasabi sa atin ng Lahat ng mga Santo: kalahati lamang ng katotohanan ang nakikita natin. Sa kabila ng nakikita, naroon ang dakilang ulap ng mga

saksi. Hindi walang laman ang langit. Nagaganap na ang tagumpay ni Kristo.

Ang mga santo ay hindi lamang ang iilang kinikilalang mga pigurang may rebulto sa mga simbahan. Ipinagdiriwang ng kapistahang ito ang lahat ng mga santo: kilala at hindi kilala, tanyag at lingid, mga martir at mga ina, mga pari at mga manggagawa, bata at matanda. Gaya ng sinasabi sa Pahayag, sila ay “napakaraming tao, di-mabilang.” Marami sa kanila ay minsang umupo kung saan tayo nakaupo ngayon. Nakipagbuno sila sa kahinaan, pag-aalinlangan, tukso, kabiguan, at takot.

Kaya may isa pang kuwentong makatutulong upang mas malalim nating maunawaan ang kabanalan.

Minsang inalala ng isang pari kung paano siya, noong bata pa, natulog sa silid ng kanyang mga lolo’t lola matapos

mamatay ang kanyang lolo. Sa itaas ng kama ay nakasabit ang dalawang makalumang larawang banal: si San Luis Gonzaga na may hawak na liryo at si Maria Goretti na nakatingala nang may kataimtiman sa langit. Bilang bata, naisip niya: “Ayokong maging santong ganoon!” Tila hindi totoo ang mga santo, halos hindi tao. Ngunit makalipas ang ilang taon, sa gitna ng krisis sa pananampalataya noong siya ay tinedyer, nasaksihan niya ang kabanalan sa lubos na ibang paraan.

Nang pilit siyang pinapunta ng kanyang ina sa kumpisal tuwing Kuwaresma, pumasok siya sa kumpisalan ng kanilang kura paroko. Kinakabahan at nahihiya, nalimutan niya ang lahat ng inihanda niyang sabihin. Ngunit sa halip na punahin siya, pinakitunguhan siya ng pari nang may pambihirang pasensya, kabaitan, at pang-unawa. Pinakinggan nito ang kanyang mga alinlangan at mga

tanong. Tinanggap siya nito nang may habag. Paglabas ng simbahan nang araw na iyon, sinabi ng binata sa kanyang ina: “Ang ginawang pagtrato sa akin ng ating kura paroko — ganoon ko mailalarawan kung paano ako pakikitunguhan ni Hesus.” Iyan ang kabanalan.

Ang santo ay hindi taong walang kapintasan, malamig, o di-maabot. Ang santo ay isang taong sa pamamagitan niya ay nagniningning ang kabutihan ni Kristo. Ang mga santo ay malinaw na daluyan ng Diyos. Tulad ng mga bintanang may salaming may kulay, hinahayaan nilang dumaan sa kanila ang liwanag ng langit. Sa labas, maaaring maalikabok at di-perpekto ang tingin sa salaming may kulay. Ngunit kapag tumagos dito ang sikat ng araw, nagiging makinang ito sa kulay at ganda. Gayundin ang mga santo. Ikinaila ni Pedro si Hesus. Inusig ni Pablo ang Simbahan. Si Agustin ay namuhay sa hindi mapakali at

makasalanang kabataan. Maraming santo ang tila walang kahanga-hanga sa panlabas. Ngunit nang magningning sa kanila ang biyaya ng Diyos, naging maliwanag ang kanilang mga buhay.

Sinasabi sa atin ng ikalawang pagbasa ngayon ang isang kamangha-manghang bagay: “Mga anak na tayo ng Diyos.” Doon nagsisimula ang kabanalan. Hindi ito nagsisimula sa kabayanihang kasakdalan kundi sa pagiging minamahal ng Diyos. Ang mga santo ay yaong mga hinayaang mabago ng pagmamahal na iyon.

May mas maganda pang sinasabi si San Juan: “Magiging katulad Niya tayo, sapagkat makikita natin Siya kung ano Siya.” At sino ang Diyos? Ibinibigay ni San Juan sa ibang bahagi ang pinakasimple at pinakamalalim na sagot: “Ang Diyos ay Pag-ibig.” Ang ating huling hantungan ay hindi lamang ang pagpasok sa isang lugar na tinatawag na

langit; ito ay ang pakikipagtagpo sa mismong pagmamahal at ang mabago nito magpakailanman.

Dapat hubugin ng hantungang iyon ang paraan ng ating pamumuhay ngayon. Ang mga Pagpapala sa Ebanghelyo ngayon ay hindi imposibleng mga mithiing nakalaan lamang sa mga piling espirituwal. Sila ang larawan mismo ni Hesus at samakatuwid ay larawan ng bawat tunay na santo. Mapalad ang mga dukha sa espiritu, ang mga mahabagin, ang mga malinis ang puso, ang mga tagapamayapa, ang mga nagugutom sa katarungan. Isinasabuhay ang kabanalan sa karaniwang buhay: sa pasensya sa pamilya, katapatan sa gitna ng pagdurusa, katapatan sa trabaho, pagpapatawad matapos masaktan, kabaitan kahit walang nakakapansin.

Si Kardinal Nguyen Van Thuan, na ibinilanggo nang labintatlong taon sa Vietnam, ay minsang sumulat mula sa

kanyang selda: “Hindi nagiging santo ang mga santo sa paggawa ng mga pambihirang bagay. Ginagampanan lamang nila ang kanilang karaniwang tungkulin nang may pambihirang pagmamahal.” Ang tunay na krisis ng Simbahan, aniya, ay hindi krisis ng awtoridad o ng mga istruktura, kundi krisis ng kabanalan. At marahil totoo nga iyon. Hindi kailangan ng mundo ang mas marami pang kahanga-hangang Kristiyano. Kailangan nito ng mas maraming malinaw na daluyan — mga taong sa pamamagitan nila ay masisilayan ng iba si Kristo. Marahil ay nakatagpo ka na ng gayong mga santo: isang lola na tahimik na nagdarasal araw-araw; isang ama na nagsakripisyo para sa kanyang pamilya; isang guro na nagbigay-sigla ng pag-asa; isang kaibigang nanatiling tapat sa gitna ng pagdurusa; isang taong ang kabutihan ay nagpaisip sa iyo, “Ganito marahil si Hesus.”

At marahil, nang hindi mo namamalayan, may nakasilip na rin kay Kristo sa pamamagitan mo.

May isa pang kuwento tungkol sa isang batang unang beses na bumisita sa isang katedral. Habang tumatagos ang sikat ng araw sa mga bintanang may salaming may kulay, tinanong ng bata ang guro, “Sino ang mga santo?” Sumagot ang guro, “Ang mga santo ay ang mga taong dinadaan ng liwanag.” Iyan ang panawagan ng Lahat ng mga Santo. Hindi kasakdalang walang pakikibaka, kundi mga buhay na maaaring daluyan ng liwanag ni Kristo. At nang tumingin si Juan sa trono ng Diyos, may napansin pa siyang iba: sa gitna ng di-mabilang na karamihang iyon ay may natitira pang puwang. Isang lugar na naghihintay. Isang lugar para sa iyo.

Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr., Perth, WA**